

product substitution
accountability access
unethical illegal prevention
waste crime corruption fraud warning
abuse collusion whistleblower kickback
malfeasance thief report whistleblower damage investigation
falsification bid rigging lie forgery
conflict of interest bid red flag
disinformation negligence inferior products
transparency wrong steal misrepresentation

HOTLINE SA PANLOKO, PAG-AAKSAYA, AT PANG-AABUSO

Available nang 24/7 - Tinatangap ang
mga Anonymous na Ulat ng mga
Kumpidensyal na Opsyon sa
Maraming Wika

510 - 464 - 6100

bart.gov/oighotline

Iulat Sa OIG ang
Nakikita Mo



Tanggapan ng Pangkalahatang Tagasiyasat (Office of the Inspector General)

2150 Webster Street, Room 408
Oakland, CA 94612

Telepono
510-464-6132

E-mail
inspectorgeneral@bart.gov

Web
www.bart.gov/oig

Twitter
[@oigsfbart](https://twitter.com/oigsfbart)



BART Tanggapan ng Pangkalahatang Tagasiyasat

Naghahandog ng
Independyenteng
Pagsubaybay sa
Paggamit ng Distrito
ng Rentas

MGA IMBESTIGASYON SA PANLOLOKO, PAG-AAKSAYA, O PANG-AABUSO

Sinisiyasat ng OIG ang mga alegasyon ng panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso kaugnay ng mga programa, operasyon at taga-supply ng Distrito. Hinihikayat ang lahat ng empleyado, kontratista, at mamamayan na mag-ulat ng kanilang mga obserbasyon at ligtas na makakahingi at makakakuha ng tulong mula sa OIG ang bawat indibidwal, anuman ang kanilang relihiyon, lahi, katayuan ng imigrasyon at dokumentasyon, o pinagmulang bansa.

Puwedeng magmukhang magkakatulad ang panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso at mahirap na mapag-iba, pero ang intensyon ng aksyon ang naghiiwalay sa mga ito. Kabilang sa mga halimbawa ang mga suhol, kickback, pagpapalit ng produkto, at pekeng pag-uulat ng oras.

Panloloko


Sa malawak na pakahulugan, ang panloloko ay ang akto na nagbabalak na manggantso ng isang tao o isang organisasyon. Ito ay ang sinasadyang misrepresentasyon ng mga katotohanan para sa ganansyang salapi o personal.

Pang-aabuso

Ang pang-aabuso ay ang hindi sapat at hindi tamang gawi kung ikukumpara sa gawi na itinuturing ng isang masinop na tao bilang makatuwiran at kinakailangan. Kabilang dito ang maling paggamit ng awtoridad o posisyon para sa mga personal na interes.

Pag-aaksaya

Ang pag-aaksaya ay ang paggamit o paggasta ng mga rekurso nang walang pakundangan, maluho, o walang layunin.




TUNGKOL SA BART OIG

Ang independyenteng Tanggapan ng Pangkalahatang Tagasiyasat (Office of the Inspector General o OIG) sa BART ay awtorisado sa Bay Area Regional Measure 3 (BM 3), na aprubado ng mga botante noong Hunyo 5, 2018. Nagsimula ang operasyon ng OIG noong Agosto 2019 sa pagtatalaga ng Gobernador ng California ng unang Pangkalahatang Tagasiyasat nito.

Ang hangarin ng OIG ay para tiyaking nagagawa ng Distrito ang mabisang paggamit ng rentas sa toll mula sa tulay at iba pang kita at nag-ooperasyon nang mahusay, mabisa, at nang alinsunod sa nauugnay na batas pederal at pang-estado. Ang layunin ng OIG ay tukuyin ang panloloko at pag-aaksaya at mga oportunidad para sa mga kawalang kasanayan sa pangangasiwa ng mga programa, operasyon, at paghahatid ng mga kapital na proyekto ng Distrito.

Nakakamit ng OIG ang iniaatas na layunin nito sa pamamagitan ng mga pag-audit ng pagganap at mga imbestigasyon ng panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso, at ginagawa ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga propesyunal na pamantayan na nag-aatas sa OIG para isagawa ang gawain nito nang independyente at etikal. Ang mga pamantayang iyon ay ang:

- *Mga Pamantayan sa Pag-audit ng Pamahalaan (Government Auditing Standards)*, ipinahayag ng Comptroller General ng United States
- *Mga Prinsipyo at Pamantayan para sa mga Tanggapan ng Pangkalahatang Tagasiyasat (Principles and Standards for Offices of Inspector General)*, ipinahayag ng Association of Inspectors General



MGA PAG-AUDIT NG PAGGANAP

Nagsasagawa ang OIG ng mga pag-audit ng pagganap para mag-ambag sa pampublikong pananagutan at transparency. Ang layunin ng OIG sa pagsasagawa ng mga pag-audit ng pagganap ay para matasa kung nagagawa ng tagapamahala ng Distrito ang mga tungkulin nito at kung nakapagbibigay ng mga serbisyo sa publiko nang mabisa, mahusay, matipid, etikal, at patas.

Tumutulong sa Distrito ang mga pag-audit ng pagganap ng OIG sa pagpapahusay ng pagganap at operasyon ng programa, pagpapababa ng mga gastos, pagpapadali ng pagpapasya, pagsisimula ng mga aksyon sa pagwawasto, at sa pagkakaroon ng pananagutan at transparency sa publiko at sa naatasan sa pamamahala. Nagbibigay din ng kasiguruhan sa Distrito ang mga pag-audit ng pagganap ng OIG na ang trabaho ay naisasagawa tulad ng inaasahan.

Nag-iisyu ang OIG ng plano sa pag-audit na nagbabalangkas ng mga bahaging io-audit ayon sa mga resulta ng pagtatasa ng panganib na tumutukoy kung saan pinakamahusay na naisasagawa ang pag-audit. Isinasaalang-alang din ng OIG ang feedback mula sa mga empleyado na may tuwirang kaalaman sa mga operasyon ng BART at puwedeng mag-alok ng kaalaman kung saan sa kanilang palagay makakabeneplisyo ang Distrito mula sa mga pagpapahusay. Hinihikayat ang lahat ng empleyado na magbigay sa OIG ng impormasyon na makakatulong sa paghahanda ng plano sa pag-audit.

Available ang kasalukuyang plano sa pag-audit ng OIG sa website nito sa www.bart.gov/oig.

